# وليالٍ عشر ليالي ذي الحجة باللغة الفلبينية

# ANG UNANG SAMPUNG ARAW SA BUWAN NG DHUL-HIJJAH

**Sumailalim sa pamamahala ni:**
**Shaykh Haitham bin Muhammad Sarhan حفظه الله**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-Nabawiy – Tagapangasiwa ng Mahad As-Sunnah**

MAHADSUNNAH.COM ALSARHAAN.COM

Kabilang sa karangalan na ipinagkaloob ng Allah ﷻsa kanyang alipin, ay Kanyang pagpili ng panahon para sa pagsamba, at pagbubos ng gantimpala sa panahon na ito, dito ang mga alipin ay nag-uunahan sa kabutihan. Isa dito ay ang sampung araw sa buwan ng Dhul-Hijjah.

Sa mga araw na ito ay nabibilang ang Yawmul Tarwiyah o araw na kung saan ang mga magsasagawa ng pilgrimahe ay mananatili sa Mina (ikawalong araw sa buwan na ito), at nabibilang rin dito, ang Araw ng Arafah at Araw ng Pag-aalay.

Tanda ng pagkasagrado ng mga araw na ito, ang Allah ﷻay nanumpa dito, at Kanyang sinabi: "At sa pagbubukang-liwayway Ako'y sumusumpa. At (sa unang) sampung gabi sa buwang ng Dhul-Hijjah".

At sinabi ng Propeta Muhammad ﷺna ito ay pinakamapala na mga Araw sa lupa, kanyang sinabi: "Pinakamainam na araw sa lupa ay ang unang sampung araw sa Buwan ng Dhul-Hijjah".

Abu Uthman Al-Nahdi رحمه الله: "Ang mga Salaf dati ay nagbibigay ng halaga sa tatlong sampu na mga araw:
1-Huling sampung araw sa buwan ng Ramadhan.
2-Unang sampung araw sa buwan ng Dhul-Hijjah.
3-At unang sampung araw sa buwan ng Muharram".

Paano natin sasalubungin ang mga araw na ito?...
Ayon kay ni Ibn Abbas رضي الله عنهما: ang Propeta Muhammad ﷺ ay nagsabi: "Ikinalulugod ng Allah ﷻ ang mga mabubuting gawain sa loob ng sampung araw na ito" at nagsabi: kahit ito pa ay pakikipaglaban para sa landas ng Allah ﷻ?,

sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “kahit ito pa ay pakikipaglaban sa landas ng Allah ﷻ, maliban na ang isang lalaki ay lumabas dala ang kanyang sarili at kayamanan, at bumalik ng walang dala nito”.

Pumapaloob sa mabuting gawain ang lahat ng klase ng pagsamba; ito man ay pag-aayuno, pagsasagawa ng pagdarasal, pilgrimahe, pag-alala at pagdakila sa Allah ﷻ, pagbabasa ng Qur’an, at iba pa na pumapaloob sa mabubuting gawain.

Isa sa mga nabanggit ay pag-aayuno sa mga araw na ito, maliban sa ikasampung araw, sa naiulat ng mga asawa ng Propeta Muhammad ﷺ, na ang Propeta ay nag aayuno sa siyam na araw ng Dhul-Hijjah. Ang pag-aayuno sa araw ng Arafah na kung saan ito ay pagpapatawad ng kasalanan ng dalawang taon.

Ang pagsasagawa rin ng Hajj o pilgrimahe sa mga araw na ito ay may malaking gantimpala; sinabi ng Propeta Muhammad ﷺ : “ Ang tanggap na Hajj ay walang ibang gantimpala kundi ang paraiso”.

Ang tao na nais magsagawa ng Udhhiyah o pag-aalay, ay magsisimula sa hindi paggupit ng kanyang buhok at kuko mula sa pagpasok ng Dhul-Hijjah hanggang sya ay makapag-alay.

*والله تعالى أعلم...*